



Mga Bakuna sa COVID-19

Mga Madalas na Itinatanong

Huling na-update: Agosto 5, 2021



Nagkaroon na ako ng COVID-19. Kailangan ko pa ba ng bakuna?

Oo. Ang imyunidad mula sa dating impeksyon ay maaaring hindi magtagal. Posibleng magkaroon ulit ng COVID-19. Magpabakuna ng dalawang dosis para sa mas malakas na proteksyon.



Aling bakuna ang mas mabuti?

Lahat ng bakuna sa COVID-19 na inaprubahan ng Health Canada ay nakakahadlang sa malubhang pagkakasakit dahil sa COVID-19.



Puwede bang ipalit sa isa't isa ang mga bakuna na mRNA?

Ang dalawang bakuna na mRNA (Moderna at Pfizer) ay gumagamit ng parehong teknolohiya, at ligtas na paghaluin ang mga bakuna. Mahalagang makakuha ng dalawang dosis para sa mas malakas at mas matagal na proteksyon.



Ligtas bang magpabakuna kung mayroon akong autoimmune na kondisyon at/o iba pang problema sa kalusugan?

Oo. Milyun-milyong dosis ng bakuna sa COVID-19 ang naibigay na sa mga tao na may iba't ibang kondisyon sa kalusugan, gaya ng sakit sa puso, hika, diabetes, arthritis, kanser at mga transplant. Ang pagbabakuna ay makakaprotekta laban sa malubhang pagkakasakit dahil sa COVID-19. Kausapin ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan kung mayroon kang mga tanong.



Ligtas ba ang bakuna para sa mga taong may mga allergy?

Ang bakuna sa COVID-19 ay hindi naglalaman ng mga itlog, gelatin, o mga preservative o antibiotic. Ipaliliwanag sa iyo ng isang provider ng pangangalagang pangkalusugan ang mga sangkap ng bakuna upang matiyak na ligtas ito para sa iyo. Pagkatapos ng pagbabakuna, susubaybayan ka para sa anumang mga reaksyon nang hindi bababa sa 15 minuto. Anumang mga reaksyon ay puwedeng gamutin kaagad.



Mga Bakuna sa COVID-19

Mga Madalas na Itinatanong

Huling na-update: Agosto 5, 2021



Mayroon bang mga side effect ang bakuna?

Ang ilang mga tao ay maaaring magkaroon ng hindi malubhang mga side effect gaya ng pananakit ng ulo, lagnat, pangangatal o pananakit sa bahaging tinurukan. Ang mga side effect ay mas karaniwan pagkatapos ng pangalawang dosis. Ang mga reaksiyon ay maaaring magtagal nang 1 hanggang 3 araw. Maaari kang uminom ng mga gamot na mabibili nang walang reseta pagkatapos ng pagbabakuna upang mapagaan ang mga sintomas.



Kung gumagamit ako ng mga droga o umiinom ng alak, ligtas bang magpabakuna?

Oo. Ligtas ang magpabakuna kung gumagamit ka ng mga droga o umiinom ng alak.



Pagkatapos matanggap ang dalawang dosis, puwede ba akong bumalik sa "normal" na mga aktibidad?

Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan 2 linggo pagkatapos ng kanilang pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19. Hanggang sa mas maraming tao na ang ganap na nabakunahan, patuloy na panatilihin ang distansyang hindi bababa sa 2 metro mula sa iba, magsuot ng mask kapag nasa mga panloob na pampublikong lugar o sa labas kapag hindi mo mapanatili ang iyong distansya at hugasan ang iyong mga kamay.



Ano ang mga benepisyo ng pagpapabakuna?

Habang mas maraming tao ang nababakunahan, bumababa ang mga kaso ng COVID-19, kaya maaaring bawiin ang ilang mga hakbang para sa kalusugan ng publiko at puwede nang magbukas ulit ang mga negosyo. Nangangahulugan ito na lahat tayo ay makakabalik na sa mas maraming aktibidad na gusto natin, kabilang ang:

- Pagbisita sa mga mahinang miyembro ng pamilya o kaibigan nang panatag ang ating isip
- Paglalakbay
- Pagpunta sa mga kaganapan sa sining, libangan o larong pampalakasan

Ang pagpapabakuna ay nakakabawas din sa pasanin ng ating sistema sa pangangalagang pangkalusugan upang maipagpatuloy ang mga pag-oopera at iba pang mga paggamot.

Para sa higit pang impormasyon bisitahin ang toronto.ca/COVID19 o tawagan ang Toronto Public Health sa 416-338-7600.